

IMPROBISADONG NUKLEAR NA APARATO (IND)

Ang improbisadong nuklear na aparato (IND) ay isang sandatang pampasabog na nuklear. Ang IND ay maaaring buuin mula sa mga ninakaw na mga kagamitan ng sandatang nuklear o mga materyal na nuklear upang lumikha ng isang nuklear na pagsabog. Ang mga IND ay hindi kasing lakas ng mga sadatang nuklear noong panahon ng Cold War, ngunit ito ay maaaring magdulot ng malawak na pamiminsala at kapahamakan.

Ang nuklear na pagsabog ay magdudulot ng napakatinding liwanag, init at hangin. Lahat ng bagay na malapit sa pinagsabugan ay mawawasak. Maliban sa pisikal na paninira, ang putok ng isang IND ay nag papakalat ng radyaktibong materyal. Ang mga alikabok at mga labi ay hinihila pataas at mag-aanyong "kabute" na ulap sa itaas ng pinagsabugan. Ang mga babagsak sa lupa mula sa ulap na ito ay ang tinatawag na fallout. Delikado ang fallout dahil ito ay may dalang materyal na radyaktibo. Ang radyaktibong fallout ay maaaring umabot sa malalayong lugar dahil ito ay madadala ng hangin.

Ang IND ay lumilikha ng kislap na makikita ng mahigit 10 milyahe. Ang kislap ay maaaring maging sanhi ng permanente o pansamantalang pagkabulag na umaabot ng ilang segundo o minuto. Isang mabilis na bugso ng hangin ang susunod sa kislap, ito ay magpapabagsak ng mga gusali at ang mga nagliliparang mga bubog at mga piraso ay makakapaminsala ng tao. Ang koryente at mga balaning pintig o magnetic pulse ay maaaring makasira sa mga electric circuit at power systems.

UPANG MAALAGAAN ANG SARILI AT IBA PAGKATAPOS SUMABOG ANG ISANG IND:

- Huwag magtangkang umalis sa lugar pagkatapos ng pagsabog. Kung nasa sasakyan, maghanap ng masisilungan sa pinakamalapit na gusali, hingit na mabuti kung ito ay yari sa laryo o semento. Manatiling kalmado at malinaw ang pag-iisip
- Alagaan ang sarili at ang iba mula sa radyaktibong fallout:
 - Maghanap ng masisilungan hanggang 12 oras at pumunta sa pinakamababang palapag ng gusali, layuan ang mga bintana at mga pinto
 - Takpan ang pinagsisilungan upang hindi makapasok ang hangin mula sa labas: patayin ang aircon, heater, at bintilador; isara ang fireplace damper
 - Takpan ang iyong bibig at ilong ng damit upang maiwasang huminga ng radyaktibong alikabok. Kainin at inumin lamang ang mga pagkain at tubig na nakatakip
 - Huwag uminom ng lokal na sariwang pagkain o uminom ng tubig mula sa hindi selyadong pinagmumulan ng tubig hanggang sabihin ng mga awtoridad na ito ay wala nang panganib na inumin
- Makinig sa mga opisyal na atas at direksyon mula sa mga emerhensiyang pahayag
- Maglagay ng pangunang lunas (first aid) kung kailan at saan kinakailangan. Linisin at takpan ang mga sugat na nakaladlad sa iyong katawan

- HIGIT PA -




MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness
and Response

Updated 05/2019


- Kung naabutan ng fallout, kailangang i-dekontamina at linisin agad ang sarili. Sa pagsunod nitong mga hakbang, maaalis ang malaking bahagi ng radyasyon na maaaring nasa iyo
 - Huwag humawak o sumanggi ng ibang tao. Ang pagsanggi o hawak ng ibang tao ay maaaring magkalat ng radyasyon
 - Hubarin ang mga pang-ibabaw na pananamit kasama na ang iyong sapatos
 - Huwag hubarin ang iyong damit na dadaan sa iyong ulo. Kung kinakailangan, gupitin ang iyong mga damit sa paghubad. Kung maaari, ilagay ang mga damit sa isang supot na plastik at isara ito ng mabuti. Seguraduhing nakatakip ang iyong mga sugat kung ikaw ay hahawak ng mga bagay na nakontamina upang maiwasang mapunta ang mga radyaktibong gamit sa iyong mga sugat
 - Ilagay ang nakabalot na supot sa lugar na walang gagalaw nito. Itago ito hanggang sabihin sa iyo ng awtoridad kung ano ang gagawin dito
 - Kung ligtas na, maligo o hugasan ang sarili ng mabuti ng sabon at tubig

KARAGDAGANG IMPORMASYON

 preparedness.health.maryland.gov

 facebook.com/MarylandOPR

 twitter.com/MarylandOPR

 health.maryland.gov

 facebook.com/MarylandDHMH

 twitter.com/MDHealthDept



MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness
and Response